1

# Mathematics

## Quarter 2 – Module 1:

## Illustrating Addition as Putting Together or Combining or Joining Sets



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics–Grade 1**
**Alternative Delivery Mode**
**Quarter 2–Module 1: Illustrating addition as putting together or combining or joining sets**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lorna M. Burgos

**Editor:** Arnel M. Batalla, Nerlisa J. Domingsil, Maria Loreza J. Tumanguil

**Tagasuri:** Nickoye V. Bumanglag, Isagani R. Duruin

**Tagaguhit:** Lorna M. Burgos

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rogelio H. Pasinos
Nickoye V. Bumanglag

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Mathematics

## Quarter 2 – Module 1:

## Illustrating Addition as Putting Together or Combining or Joining Sets

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Ang Modyul na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral ng Mathematics – Grade 1 upang magsisilbing gabay sa pagkatuto sa paksang araling **Illustrating addition as putting together or combining or joining sets.** Ito ay naglalaman ng mga gawaing nagbibigay oportunidad sa mga mag-aaral na tuklasin ang kanilang kakayahang umunawa sa konseptong nais ipahatid ng araling ito. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay naniniwalang ang Modyul na ito ay magiging malaking tulong bilang kasangkapan para sa mga mag-aaral. Ang bawat isa ay magkakaroon ng kasiyahan at malawak na kaalaman sa paksang aralin na nakapaloob sa Modyul na ito.

Ang modyul ay nakapokus sa araling:

- Illustrating addition as putting together or combining or joining sets.

Pagkatapos ng Modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

***1.*** Makikita na ang pagsasama ng dalawang set ay nangangahulugang pagdaragdag o ***addition***

2. Magkakaroon ng malawak na kaalaman at kasiyahan sa paggawa ng mga nakatakdang gawain sa pagsasama ng mga set at pagdaragdag ng mga bilang

## Subukin

Piliin ang bagong set na mabubuo kapag pinagsama ang dalawang set. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1.  at  ay A.  B 

2.  at  a A.  B. 

3.  at  y A.  B. 

4.  at  ay A.  B. 

5.  at  ay A.  B. 

## Balikan



Ano ang nasa ibabaw ng mesa? Ilan ang mga ito? Iguhit sa loob ng kahon ang mga prutas na nasa mesa.

Ang tawag sa mga bagay na iginuhit mo sa loob ng kahon ay **set** ng abokado.

# Tuklasin

Basahin at intindihin ang suliranin sa loob ng kahon.

> Si Allan ay pumunta sa bahay ng kanyang Lolo Domeng upang tumulong sa pagdidilig ng mga pananim. Binigyan siya ng kanyang lolo ng 2 papaya at 3 hinog na manga. Ilan lahat ang mga prutas ni Allan?

Ano-ano ang mga prutas na ibinigay ni Lolo Domeng kay Allan? Kung ikaw ang pamimiliin, aling pagkain ang mas gusto mo upang manatili kang malakas at malusog, prutas o kendi? Ilan ang papayang natanggap ni Allan? Bilangin ang nasa kahon A. Ilan naman ang mga mangga? Bilangin ang nasa kahon B. Ilan lahat ang mga natanggap niyang prutas mula sa kanyang lolo? Bilangin ang nasa loob ng kahon C.

A



at

B



ay

C



# Suriin

A




at

B



ay

C



**2 + 3 = 5**

Makikita sa larawang ito na mayroon ng tatlong set. Ang set A ay may 2 papaya, ang set B ay 3 mangga. Nabuo ang set C nang pinagsama ang set A at set B. Sa set C makikitang 5 ang kabuuang bilang ng mga prutas ni Allan.

Ang katagang ***at*** ay napalitan ng **+** (plus sign).
Ang katagang ***ay*** naman ay napalitan ng **=**(equal sign). Ang pagsasama ng mga bilang ay tinatawag na ***addition***. Ginagamit ang **+** upang maipakita ang dalawang pinagsamang bilang at ang **=** ay ginagamit upang maipakita ang sagot ng dalawang pinagsamang mga bilang. Ang **2 + 3 = 5** ay tinatawag na pamilang na pangungusap o ***number sentence***. Ang 2 at 3 ay ***addends*** at ang 5 ay ***sum***.




# *Pagyamanin*

## Gawain 1

Piliin ang wastong pamilang na pangungusap o ***addition sentence***. Bilugan ang titik ng wastong sagot .

1.  at  ay 

A. 3 + 4 = 7  B. 3 +4 = 6  C. 3 + 3 = 6

2.  at  ay 

A. 3 + 4 = 7  B. 3 +5 = 8  C. 3 + 5 = 7

3.  at  ay 

A. 2+4 =6  B. 2+6=8  C. 2+5=7

4.  at  ay 

A. 5+3=6  B. 5+3=7  C. 5+3=8

5.  at  ay 

A. 3+3=6  B. 3+3=7  C. 3+3=8

## Gawain 2

Isulat ang pamilang na pangungusap o ***number sentence***.

1.  at  ⇨ _____+_____= ______

2.  at  ⇨ _____+_____= ______

3  at  ⇨ _____+_____= ______

4.  at  ⇨ _____+_____= ______

5.  at  ⇨ _____+_____= ______



# *Isaisip*

1. Ang pagdaragdag o addition ay pagsasama ng mga pangkat ng bagay.
2. Ang mga bilang na pinagsasama ay tinatawag na addends.
3. Ang + ang simbolo na ginagamit sa pagdaragdag o addition.
4. Ang sagot sa pagdaragdag ay tinatawag na sum.
5. Ang = ang simbolo na nagpapakita na pareho ang dami ng dalawang pangkat.



# *Isagawa*

## Gawain 1

Basahin ang suliranin. Ilarawan ito sa pamamagitan ng guhit na larawan o diagram. Pagkatapos, isulat ang pamilang na pangungusap o number sentence.

1. May 4 na pinya sa kahon at may 5 pa sa sako. Ilan lahat ang mga pinya?

| | |
|---|---|
| Guhit ng mga pinya | |
| Pamilang na Pangungusap | |

2. May 3 santol si Nena. Binigyan siya ni Liza ng 6 pa. Ilan lahat ang mga santol niya?

| | |
|---|---|
| Guhit ng mga santol | |
| Pamilang na Pangungusap | |

3. Si Ton-ton ay may 4 na manggang hinog. Si Chim ay may 3 rin. Ilan lahat ang mga manggang hinog?

| | |
|---|---|
| Guhit ng mga mangga | |
| Pamilang na Pangungusap | |

4. Pumitas ng 3 pakwan at 5 milon si Calix. Ilang prutas ang napitas niya?

| | |
|---|---|
| Guhit ng mga pakwan at milon | |
| Pamilang na Pangungusap | |

5. Si Erna ay kumain ng 4 na atis at 3 saging. Ilan lahat ang mga prutas na kinain niya?

| | |
|---|---|
| Guhit ng mga atis at saging | |
| Pamilang na Pangungusap | |

## Gawain 2

Basahin ang suliranin sa unang hanay. Bilugan ang wastong pamilang na pangungusap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Bumili si Mel ng 4 atis at 5 mansanas. Ilan lahat ang prutas na binili niya? | 4+5=8 | 4+5=9 | 4+5=10 |
| 2. May 6 na saging at 3 santol sa ibabaw ng mesa. Ilan lahat ang mga prutas? | 6+3=7 | 6+3=8 | 6+3=9 |
| 3. Pumitas ng 3 pakwan at 4 milon si Lito. Ilan lahat ang prutas na napitas niya? | 3+4=7 | 3+4=8 | 3+4=9 |
| 4. Binigyan si Calixto ng 7 mangga at 3 kahel ng kanyang kuya Tony. Ilan lahat ang mga natanggap niyang prutas? | 7+2=9 | 7+1=8 | 7+3=10 |
| 5. May 3 papaya si Erna at may 2 naman si Lora. Ilan lahat ang mga papaya ng dalawang bata? | 3+4=7 | 3+3=6 | 3+2=5 |



## *Tayahin*

A. Isulat ang pamilang na pangungusap o *number sentence*.

1.  at  ay 

_______ + _______ = _______

2.  at  ay 

_______ + _______= _______

3.  at  ay 

_______ + _______= _______

4.  at  ay  

______ + ______= ______

5.  at  ay  

______ + ______= ______

B. Bilugan ang titik ng wastong pamilang na pangungusap o *number sentence*.

1.  at 

A.3+6=9 B.4+6=10 C. 4+5=9

2.  at 

A.4+3=7 B. 4+4=8 C. 5+3=8

3.  at 

A. 7+3=10 B.6+4=10 C. 5+5=10

4.  at 

A. 5+2=7 B.5+3=8 C. 5+4=9

5.  at 

A. 4+3=7 B. 4+4=8 C. 5+5=10

# *Karagdagang Gawain*

Iguhit ang tamang bilang ng prutas upang mabuo sa hinihinging bilang. Isulat ang pamilang na pangungusap.

1. 


Pamilang na pangungusap: _______________

2. 


Pamilang na pangungusap: _______________

3. 


Pamilang na pangungusap: _______________

4. 


Pamilang na pangungusap: _______________

5. 

Pamilang na pangungusap: _______________

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. A
3. A
4. A
5. B

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. A
2. B
3. B
4. C
5. A

**Pagyamanin**

**Gawain 2**

1. 6+3=9
2. 3+2=5
3. 5+3=8
4. 6+4=10
5. 5+4=9

**Isagawa**

**Gawain 1**

1. 4+5=9
2. 3+6=9
3. 4+3=7
4. 3+5=8
5. 3+3=6

**Isagawa**

**Gawain 2**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bumili si Mel ng 4 atis at 5 mansanas. Ilan lahat ang prutas na binili niya? | 4+5=8 | [illegible] | 4+5=10 |
| May 6 na saging at 3 santol sa ibabaw ng mesa. Ilan lahat ang mga prutas? | 6+3=7 | 6+3=8 | [illegible] 45 |
| Pumitas ng 3 pakwan at 4 milon si Lito. Ilan lahat ang prutas na napitas niya? | [illegible] | 3+4=8 | 3+4=9 |
| Binigyan si Calixto ng 7 mangga at 3 kahel ng kanyang kuya Tony. Ilan lahat ang mga natanggap niyang prutas? | 7+2=9 | 7+1=8 | [illegible] |
| May 3 papaya si Erna at may 2 naman si Lora. Ilan lahat ang mga papaya ng dalawang bata? | 3+4=7 | 3+3=6 | [illegible] |

**Tayahin A**

1. 4+2=6
2. 6+3=9
3. 5+3=8
4. 6+4=10
5. 3+4=7

**Tayahin B**

1. B
2. C
3. A
4. B
5. D

**Karagdagang Gawain**

1. 3+2=5
2. 2+3=5
3. 4+3=7
4. 3+3=6
5. 4+2=6

## *Sanggunian*

K to 12 MELC page 197 of 723 pages

Mathematics Learner's Material pages 137-150 of 392 pages

Mathematics 1 Teacher's guide pages 80-82 of 253

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph